

# PROLOGUE

*Damn.*

Pakiramdam ni Lawrence ay mauubusan siya ng hininga matapos ang inakala niyang hindi na magwawakas na habulan. Nakahinto na ang kanyang sasakyan subalit ramdam pa rin niya ang adrenaline mula sa nangyari kanina. He had just experienced the thing he most dreaded in his life, ang habulin ng isang obsessed na babae.

Inayos niya ang pagkakasuot ng kanyang eyeglasses.

Good thing there was a part of him that knew how to drive recklessly. Kung hindi, marahil ay na-corner na siya ni Kelly. That freak. Kanina lang ay naghahabulan silang parang race car drivers.

Chineck niya ang side mirrors ng kanyang sasakyan, saka siya nakahinga nang maluwag nang masigurong tuluyan na nga niya itong natakasan.

Napabuga siya ng hangin. *That was close.*

Kelly was his biggest problem. The woman was getting on his nerves and he had no idea how he could get rid of her. Nagsimula ang lahat nang ipakilala ito sa kanya ng kaibigan niyang si Wilson. And yes, she was the kind of woman that every man wanted to ask out on a date. She had the face, the body and good breeding.

She was an A-list socialite.

Ang akala ni Lawrence ay hindi na niya ito makikita matapos itong ipakilala sa kanya ni Wilson subalit nagkamali siya. Nagsimula itong sumulpot sa mga lugar na pinupuntahan niya. He thought that it was just a coincidence, but he was wrong. Dahil maging sa kanyang opisina ay pumupunta na rin ito. Kung minsan ay maging sa pad niya, dinadalhan siya ng kung anu-anong pagkain. Na ni hindi tinitikman. Malay ba niya kung ano ang inilagay ng babae roon. Dumating na rin sa puntong kinailangan niyang magpalit ng cellphone number dahil sa mga nakaririnding tawag at text messages ni Kelly.

The woman was crazy, there was no denying that.

Kinausap niya na ito. He broke it to her gently, that there would be never be a romance between Lawrence and Kelly, subalit parang wala itong narinig.

*“You and I are made for each other.”*

Iyon ang laging ipinipilit nito sa kanya.

Ilang linggo na siya nitong ginugulo. At kanina, habang patungo sa trabaho, napansin niyang sinusundan siyang muli ng kotse ni Kelly. Bakit kaya hindi nito maisipang palitan ang sasakyan paminsan-minsan para naman hindi niya ito mahalata?

Kelly was now a serious problem. Masyado na siya nitong naaabala at gaya ng mga problemang kinakaharap ng kanilang

kompanya, kailangan niya itong solusyunan.

Mula sa kanyang bulsa ay kinuha ni Lawrence ang kanyang cellphone. Idinayal niya ang numero ni Wilson. Kung hindi siya nito ipinakilala kay Kelly ay wala sana siyang kunsimisyon kaya't dito siya hihingi ng tulong.

“Hello?” Iritado ang boses nito nang sagutin ang tawag niya.

“Wil, we need to talk.”

“Pare, kasama ko si Nicole and we're a little busy...”

Hindi niya man ito nakikita ay alam niyang nakangisi ito. Kaya pala ito iritado ay dahil nakaistorbo siya. Pero mas naiirita na siya kay Kelly.

“I'm sorry but we really need to talk. This is a serious matter—”

Narinig niya ang pagbuga nito ng hangin. “Everything is a serious matter to you. Tomorrow—”

“No, this can't wait until tomorrow,” putol niya sa sasabihin nito. “Where are you?”

Pumalatak ito at ilang sandaling hindi nagsalita. “Fine,” sa wakas ay sagot nito. “Nandito ako sa condo.”

“Okay, I'll be there in a bit,” aniya rito.